Fact sheet 6 – Mental Health Review Tribunal

Ang Tribunal sa Pagrepaso ng Kalusugang Pangkaisipan [Mental Health Review Tribunal] (ang Tribunal) ay nagbibigay ng mahalagang proteksyon sa sa mga karapatan ng mga hindi boluntaryong pasyente sa ilalim ng *Batas sa Kalusugang Pangkaisipan 2000 [Mental Health Act 2000] (*ang Batas*).*

Chapter 12 itinatag ang Tribunal, itinatakda ang pangangasiwa nito at ibinabalangkas ang mga kinakailangan nito sa pamamaraan. Ang mga usapin na sinuri ng Tribunal, kabilang ang lakas ng isang pagsuri, ay ibinigay sa Chapter 6 ng Batas.

Ano ang Tribunal?

Ang Tribunal ay isang malayang kinatawan na itinatag upang suriin ang mga pasyenteng tumatanggap ng hindi boluntaryong paggamot sa ilalim ng Batas. Ito ay isang solong pang-estadong kinatawan na pinamumunuan ng isang full-time na Pangulo. Ang mga miyembro at itinatalaga sa buong Queensland upang bigyang daan ang mga panel na mapagsama-sama sa lokal na antas.

Ang mga panel ay karaniwang binubuo ng tatlong miyembro:
- isang abogado
- isang psychiatrist (o isa pang duktor kung wala ang psychiatrist) at
- isa pang tao na may naakmang karanasan o kwalipikasyon.

Ang Presidente ay maaaring mag-pulong ng isang panel nang hanggang sa limang miyembro. Ang mga mas malaking panel ang maaaring magamit para sa mga usaping likas na maaaring pagtalunan o kumplikado. Sa espesyal na mga sitwasyon, ang mga panel na may iisang miyembro ay maaari ding pulungin (hal. upang pakinggan ang agarang mga usapin).

Ano ang sinusuri ng Tribunal?

Sinusuri ng Tribunal ang:
- mga pasyente sa ilalim ng *order na hindi boluntaryong paggamot [involuntary treatment order]*
- mga pasyente na nasa ilalim ng isang *order na pang-forensic [forensic order]*
- pagkakapiit ng mga batang pasyente sa mataas na unit ng seguridad
- kaakmaan para sa paglilitis ng ilang mga forensic na pasyente.

Pinagpapasyahan din ng Tribunal:
- ang mga application sa paggamot
- ang mga application para sa mga order ng impormasyon na pangpasyenteng forensic
- ang mga application para sa pag-apruba sa mga pasyente upang umalis ng Queensland
- ang mga pag-apila laban sa isang pagpapasya ng tagapangasiwa ng isang pinahintulutang mental health service na hindi nagpapahintulot sa isang tao upang bisitahin ang isang hindi boluntaryong pasyente.

Paano ang pinasisimunuan ang mga pagdinig?
Ang Tribunal ay kinakailangan upang obserbahan ang mga prinsipyo ng natural na hustisya at upang pasimunuan ang mga pagdinig sa isang sa paraang hindi pormal. Ang Tribunal ay hindi saklaw ng mga patakaran ng ebidensya at maaaring ipabatid sa sarili sa isang bagay sa paraan na sa paningin nito ay naaangkop.

Ang mga pagdinig ay hindi bukas publiko maliban lamang kung pinahintulutan ng Tribunal.

Kailan pinasisimunuan ang isang order na hindi boluntaryong paggamot o pagsusuri ng forensic order?
Para sa isang pasyente na nasa ilalim ng isang *order na hindi boluntaryong paggamot*, ang mga pagsuri ng Tribunal ay isinasagawa sa loob ng anim na linggo ng nagawang order na may anim na buwang agawat (tingnan ang Fact sheet 3 - *Hindi boluntaryong paggamot*).

Para sa isang forensic na pasyente, ang mga pagrerepaso ay isinasagawa tuwing anim na buwan mula sa petsa na ang *forensic order* ay nagawa (tingnan ang Fact sheet 5 – *Mga forensic na probisyon*).

Ang mga pasyente ay may karapatan upang mag-apply para sa isang pagrepaso anumang oras. Gayunpaman, maaaring tapusin ng Tribunal ang application kung ito ay kumbinsido na ito walang-katuturan o nakakaabala.

Ano ang mga kapangyarihan ng Tribunal sa pagsusuri ng isang order na hindi boluntaryong paggamot o forensic order?

Sa isang pagsusuri ng *order na hindi boluntaryong paggamot*, Isinasaalang-alang ng Tribunal kung nalalapat ang pamantayang paggamot sa pasyente. Dapat makumpirma o mabawi ng Tribunal ang order sa hindi boluntaryong paggamot. Ang Tribunal ay maaari ding:

- mag-utos na baguhin ang kategorya ng order
- mag-utos ng o bawiin ang limitadong community treatment (ibig sabihin kung ang kategorya ng order ay inpatient)
- mag-utos ng paglipat sa pasyente sa iba pang pinahihintulutang mental health service

Sa isang pagsusuri ng isang *forensic order*, ang Tribunal ay dapat mag-kumpirma o bumawi sa order. Ang Tribunal ay maaari ding magbigay ng pahintulot sa limitadong community treatment para sa pasyente. Gayunpaman, ang Tribunal ay hindi maaaring bumawi ang isang order o magpahintulot ng limitadong community treatment maliban kung ito ay kumbinsido na ang pasyente ay hindi kumakatawan sa isang hindi katanggap-tanggap na peligro sa kaligtasan ng pasyente o iba pa, na may pag-turing sa kapansanan sa pag-iisip ng pasyente o kakulangan sa kakayahang makapagisip.

Ano ang mga application sa paggamot?
Ang mga partikular na uri ng paggamot ay alinsunod sa ilalim ng Batas, kabilang ang electroconvulsive therapy. Ang isang tao ay dapat magbigay ng isang naipaalam na pahintulot para sa mga form ng paggamot na ito. Gayunpaman, ang isang taong hindi nabigyan ng naipaalam na pahintulot ay maaaring mabigyan ng electroconvulsive therapy nang may pahintulot ng Tribunal, sa isang application na ginawa ng isang psychiatrist.

Sa isang emergency, ang electroconvulsive therapy ay maaaring maibigay ng hanggang sa 5 araw nang walang pag-apruba ng Tribunal. Sa sitwasyong ito, ang matinding pangangailangan ay dapat na mapatotohanan ng isang psychiatrist at ang medical superintendent ng health service na gumagamot sa pasyente. Ang isang application ay dapat agarang magawa sa Tribunal at ang Tribunal ay dapat dinggin ang usapin sa loob ng limang araw.

Karagdagang Impormasyon

Mental Health Review Tribunal
Telepono: 1800 006 478 o 07 3235 9059

Mental Health Act Liaison Officer
Mental Health Branch
Queensland Health
GPO Box 48
BRISBANE Q 4001

Telepono: 1800 989 451 o 07 3234 0417

Email: mha2000@health.qld.gov.au
Web: www.health.qld.gov.au/mha2000